ESP
4th Quarter
Week 2

Basahin ang sumusunod na sitwasyon. Ano ang dapat mong gawin upang maipakita ang pagbibigay pasasalamat at halaga sa mga biyayang bigay ng Diyos. Isulat ang letra ng tamang sagot.

_____1. Nakalimutan ng iyong kapatid na pakainin ang alaga niyang aso.

A. Hindi ko na lang papansinin.

B. Papakainin ko ang alaga niyang aso.

C. Papakawalan ko na lang para makakain ang aso.

_____2. Binilhan ka ng bagong krayola ng nanay mo.

A.Iinggitin ko ang ibang bata .

B. Iingatan ko at titipirin ang krayola.

C.Gagamitin ko kaagad para maibili ako ng bago.

_____3. Marami kang pinagliitang damit. Ano ang dapat mong gawin?

A. Itatago ko sa aparador.

B. Isasama sa patapong basura.

C. Ipapamigay sa mga nangangailangan.

LIVEWORKSHEETS

_____4. Papasok ka na sa inyong silid-aralan. Nasa may pinto ka nang mapansin mong nasa likod ang kamag-aral mong may kapansanan at nahihirapan siyang lumakad papunta sa silid-aralan.

A. Aalokin ko siya ng tulong na alalayan sa pagpasok sa silid-aralan.

B. Hindi ko na lang siya papansinin upang hindi siya mahiya.

C. Bibilisan ko ang pagpasok sa silid-aralan.

_____5. Pagtakapos gawin ang takdang aralin, nakaramdam ka ng antok.

A. Aayusin ko muna ang mga gamit ko bago pumunta sa kuwarto at magdarasal bago matulog.

B. Pupunta na ako sa kuwarto at iiwanan ko ang mga gamit ko.

C. Matutulog na lang ako sa sala set.

Isulat ang TAMA, kung ito ay nagpapakita ng pasasalamat sa biyayang bigay ng Diyos at MALI kung hindi.

_______1. Ipinamimigay ko sa kapwa ko bata ang aking mga laruan na hindi ko na nagagamit.

_______2. Iniiwasan ko ang mga aso at pusa na pagala-gala sa bahay namin.

LIVEWORKSHEETS

_______3. Nagbibigay ako ng pagkain sa kalaro kong walang pagkain.

_______4. Nagdarasal ako bago matulog at pagkagising sa umaga.

_______5. Inaapakan ko ang halámang tanim ng aming kapit-bahay.

LIVEWORKSHEETS